

+ Protektahan ang Inyong Kalusugan

+ Sundin ang inyong konsiyensiya

+ Huwag lumabag sa batas

Ang Deklarasyon ng Istabul

Noong 2008, ang isang grupo ng nangungunang mga medikal na eksperto mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo ay nagkita-kita sa Istanbul, Turkey upang magdibelop ng mga estratehiya upang pigilan ang organ trafficking at transplant tourism.

Lubos na nauunawaan ng grupo ang matinding pangangailangan na nararamdaman ng maraming mga pasyente na nangangailangan ng isang transplant. Ito ay nagbigay ng ilang panuntunan at mga mungkahi na dinisenyo upang isulong ang kapwa patay at buhay na donor sa transplant sa buong mundo sa paraan na nagprotekta sa kalusugan at kapakanan ng kapwa mga tumatanggap at mga donor habang winawakasan ang eksploitasyon. Idinebelop nila ang isinadokumentong polisiya na tinatawag na **Ang Deklarasyon ng Istanbul**.

Noong 2010, ang **Declaration of Istanbul Custodian Group** (DICG) ay binuo upang isulong ang mga prinsipyo ng Deklarasyon sa buong mundo. Ang DICG ay iniisponsoran ng dalawang pangunahing internasyonal na propesyonal na organisasyon, ang **The Transplantation Society (TTS) at ang International Society of Nephrology (ISN)**. Inindorso ng higit sa 80 internasyonal na propesyonal na grupo at mga ahensiya ng gobyerno ang Deklarasyon ng Istabul.




Para sa karagdagang impormasyon:

**DECLARATION OF ISTANBUL
CUSTODIAN GROUP**

www.declarationofistanbul.org

[Filipino]



**ANO ANG KAILANGAN
NINYONG MALAMAN**

+ Pasimula

Para sa karamihan ng mga pasyente na mayroong end-stage kidney disease, ang transplant ang opsyon sa paggamot. Ang transplantation ay isang sopistikadong paraan na nangangailangan ng isang may karanasang pangkat ng mga siruhano at nephrologist sa isang mahusay at modernong ospital. Ang mga kidney transplant ay maaaring magmula sa isang **patay o buhay na donor**.

Ang pagkakaroon ng patay na donor ng kidney at ang alokasyon nito sa inyo ay magdedepende sa mga kagawian na ispesipiko sa bansang inyong tinitirahan at ito'y hindi tinatalakay dito.

Ang buhay na kidney donor ay karaniwang malapit na kamag-anak. Sa ilang mga bansa, maaaring tanggapin para mag-donate ang isang legal o ka-relasyon (tulad ng asawa, partner o kaibigan). Sa bawat isa sa mga kasong ito, ang donasyon ay ginagawa nang bukás ang loob bilang isang pagpapahiwatig ng pagmamahal, tiwala at pagmamalasakit sa isa't-isa. Ang donor at recipient ay nagmamalasakit na ang bawat isa ay magkakaroon ng ligtas at matagumpay na resulta. Ang mga transplant na katulad nito ay ginagawa nang háyágan at ayon sa batas, at ang resulta ay karaniwang mahusay para sa kapwa recipient at donor mula sa isang medikal, sikolohikal at panlipunang pananaw.

Gayunman, mayroong iba pang mapagkukunan ng buhay na donor ng mga kidney. Dahil sa matinding pinansiyal na problema, mayroong ilang mga tao na maaaring handang magbenta ng isa sa kanilang mga kidney. Ang pagbili at pagbenta ng mga kidney ay tinatawag na "transplant commercialism" at ito ay labag sa batas sa halos sa lahat ng mga bansa sa mundo. Ang mga kidney na tinanggal mula sa binitay na mga bilango ay ibenebenta rin minsan.

Tinatalakay ng polyetong ito ang ilan sa mga implikasyon sa inyo kapag bumili kayo ng kidney at layon ng polyetong ito na pigilan kayo na gawin ito kahit na wala nang iba pang paraan.

+ Ano ba talaga ang transplant commercialism at tourism?

Sa transplant commercialism, mayroong palitan ng pera o ibang uri ng mahalagang materyal na may pakinabang sa kapwa recipient at donor, tuwiran man, o mas madalas, sa pamamagitan ng isang middleman o broker na nangongolekta ng bayad para sa "mga serbisyo". Ang donor (na kung tutuusin ay "nagbebenta ng kidney") ay tumatanggap din ng pera, na karaniwan ay lubos na mas mababa kaysa sa nakokolekta ng broker. Dahil dito, ang halaga na ginagastos ng recipient ay mas malaki pa kaysa sa ibabâyad sana para sa isang legal na transplant. Hindi sinasakop ng karamihan ng medical insurance ang commercial transplantation.

Ang umalis sa inyong bansang tinitirahan upang sumailalim sa transplant ay karaniwang tinatawag na "**transplant tourism**". Hindi aprubado ng karamihang mga transplant professional ang kagawiang ito at nag-aalala rin sila na ang antas ng pangangalaga na inyong makukuha ay mas mababa sa inyong matatanggap sa inyong sariling bansa.

+ Bakit labag sa batas ang transplant commercialism?

- Maraming mga bansa ang mayroong mga batas na tiyak na nagbabawal sa transplant commercialism.
- Malamang ay labag sa batas ito sa bansang inyong tinitirahan.
- Ang mga resulta ng transplant commercialism ay mas nakakasamâ kaysa nakakabuti.
- Inilalantad nito ang mga donor at recipient sa hindi inaasahang mga kapahamakan at sinisira nito ang mabuting pagsulong ng donasyon ng organ sa kapwa pinagmulang bansa ng recipient at sa bansang pinupuntahan nila upang bumili ng kidney.

⊕ Ano ang mga karagdagang kapahamakan sa recipient ng kidney mula sa isang bayád na donor?

Dahil ito ay karaniwang labag sa batas, ang mga transplant mula sa nagbebenefita ng kidney ay kadalasang ginagawa sa mga ospital at mga klinika na hindi lisensiyadong mag-transplant, at ang mga ito'y hindi kinikilala ng mga opisyal na medical board. Maaaring hindi tumutupad ang mga ospital sa mga inaasahang pamantayan sa pag-oopera at mga pamantayang medikal ng bansa kung saan sila matatagpuan. Dahil dito, mas mataas ang panganib para sa iba't-ibang mga komplikasyon sa operasyon at panahon pagkatapos ng operasyon.

Ayon sa ilang mga report ng mga recipient ng biniling kidney, sobrang taas ang rate ng impeksyon at kamatayan. Maaaring hindi wasto ang pag-screen sa donor, o maaaring hindi niya ipinaalam o wala siyang kamalay-malay ukol sa malubhang personal na impormasyon sa kalusugan. Ang kalinisan sa operating room o sa ward ng ospital ay maaaring hindi kasing husay tulad ng dapat. Dahil ang mga anti-rejection na gamot ay nagpapahina sa immune system at ang mga recipient ng transplant ay mas maaaring magkaroon ng impeksyon na siyang madadala nila pabalik sa kanilang mga pinanggalingang bansa at mas maaari nilang maisapanganib ang kanilang mga pamilya at iba pang mga tao. Ang mga ganoong impeksyon ay maaaring lubos na hindi tablan ng mga makukuhang antibiotic at iba pang mga therapy, at maaari pang makamatay. Ang matagal na pagbibiyahang sa eroplano pagkatapos ng surgery ay hindi rin ipinapayo at maaaring mauwi sa iba pang mga komplikasyon.

Ang mga medikal rekord na ibinibigay ng mga ospital o mga doktor na kaugnay sa transplant tourism ay halos laging hindi sapat. Maaari ring hindi nabigyan ang recipient ng angkop na dami o dosis ng mga gamot para sa peligrong panahon pagkatapos ng transplant. Ginagawa nitong napakahirap ang pangangalaga sa recipient pagbalik nila sa kanilang tahanan, at maaari itong makaapekto nang husto sa resulta ng operasyon.

At sa kahulihan, maaaring hindi napasailalim ang ilang mga recipient sa tamang screening upang siguraduhin muna na ligtas para sa kanila na kumuha ng kidney transplant. Ang mga malulubhang kondisyon (tulad ng sakit sa puso, pangmatagalang impeksyon at kanser) ay maaring makaligtaan at ang mga konsekwensiya ay maaaring nakamamatay.

⊕ Anu-ano ang mga panganib sa nagbebenefita ng kidney? Mas malaki ba ang panganib nito kaysa sa walang bayad na donor?

Ang mga taong handang magbenta ng kidney ay karaniwang mahirap at desperado. Kadalasan ay sila mismo ang mga biktima. Ipinakita ng maraming mga pag-aaral na ang karamihan ng mga nagbebenefita ng kidney ay mula sa mahirap at mahinang bahagi ng lipunan. Sila'y kadalasang mga residente ng hindi gaanong dibelop na mga bansa na nagdodonasyon sa mayayaman o medyo mayayaman na recipient ng mga mas dibelop na bansa. Gusto nilang magbenta ng kidney sa pag-asa na maibsan ang problemang pinansiyal at pabutihin ang kalidad ng kanilang buhay. Gayunman, kadalasan sila ay bigo.

Ang mga nagbebenefita ng kidney ay hindi lamang kadalasang nagugulangan kung' di sinasamantala rin dahil hindi nila nauunawaan ang uri ng pamamaraan o hindi nila nauunawaan ang mga panganib nito. At maaari rin silang pinuwera at magtago ng mahalagang impormasyon ukol sa kalusugan. Ang kanilang sariling kaligtasan ay maaaring hindi prioridad at maaaring piliin nilang mag-donate kung hindi naman mabuting gawin nila ito. Ang mga masasamang konsekwensiya para sa recipient ay hindi rin alalahanin para sa kanila.

Ang halaga na matatanggap ng mga nagbebenefita ng kidney sa kahulihan ay karaniwang maliit na persentahe ng ibinayad ng recipient at hindi nito nalulutas ang mga pinansiyal na problema ng donor. Ang karamihan ng perang ibinabayad ng mga recipient ay napupunta sa mga ospital, mga broker at iba pang middlemen. Ang kita ng mga nagbebenefita ng kidney ay maaari pang bumaba dahil hindi na sila makakapagtrabaho nang maigi kahit kailan. Maaari silang maging depressed at magkaroon ng mga problema sa kanilang asawa at sa lipunan. Maaaring hindi sila makakuha ng mahusay na pangangalaga sa kalusugan. Hindi irekomenda ng karamihan sa mga nagbebenefita ng kidney sa ibang tao ang magbenta ng isang kidney.

Itinatag ng maraming ebidensiya ang pangmatagalang kaligtasan ng legal na pag-donate ng kidney, ngunit walang datos ukol sa pangmatagalang medikal na kondisyon ng mga taong nagbebenefita ng kanilang mga kidney. Alam natin na taglay nila ang lahat ng mga panganib ng hindi bayád na donasyon at mga karagdagang panganib mula sa kanilang kahirapan at kahinaan.

⊕ Tama bang kumuha ng commercial kidney transplant?

Naniniwala ang ilang mga tao na kung ang sistema ng transplant commercialism ay wastong makokontrol, kapwa ang seller at ang recipient ay mabebenipisyuhan. Ipinapakita ng nakalipas na karanasan na hindi nangyayari ito. Ang mga mahihirap ay lagi pa ring inaabuso ng mga taong mas nakakaangat sa buhay. Ang pamumuwersa, organisadong krimen at human trafficking (na ipinagbabawal ng isang international convention) ay nangyari ng lahat. Inilalagay sa panganib ng transplant commercialism ang kalusugan ng kapwa donor at recipient at ito'y hindi mabibigyan ng medikal o moral na katwiran. Ang patuloy na paglaban para manatiling buhá ng mahihirap ay hindi dapat nakabatay sa pagbebenefita ng mga bahagi ng katawan.

⊕ Ano ang ginagawa para itigil ang transplant commercialism?

Ang mga nangungunang medikal na organisasyon at mga eksperto sa pangangalaga sa kalusugan ay nagsama-sama upang kumilos na tanggalin ang kaugalian na ito. Mahigpit na tinututulan ng World Health Organization ang transplant commercialism.

Maraming mga bansa ang kumilos upang itigil ang transplant commercialism sa pamamagitan ng pagsara ng mga ospital na kaugnay sa transplant tourism at ng pag-aresto sa mga broker. Mayroong mga kaso kung saan ang nagbebenefita ng kidney at kahit na ang recipient ay inaresto pagkatapos ang operasyon.

⊕ Ano ang dapat kong gawin?

Dapat ninyong alamin ang mga magagamit na resources sa inyong sariling bansa upang tulungan ang mga pasyente na mayroong malubhang sakit sa bato. Dapat ninyong talakayin ang inyong medikal na kondisyon sa mga transplant professional upang tiyakin kung kayo ay talagang nangangailangan ng kidney transplantation at kung ano ang pinakamaiging gawin upang magpa-transplant sa inyong sariling bansa o rehiyon. Dapat ninyong itanong kung paano magpalista para makatanggap ng transplant mula sa isang patay na donor at malaman kung may buhá na donor para sa inyo.

Sa pamamagitan ng pagsuporta sa *Deklarasyon ng Istanbul ukol sa Organ Trafficking at Transplant Tourism* maaari kayong makatulong na isulong ang ligtas at mabisang organ transplantation sa buong mundo para sa ikakabuti ng lahat ng mga nangangailangan habang prinoprotektahan ang kapakanan ng kapwa mga recipient at mga donor.



BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority



www.declarationofistanbul.org